Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# MAPEH - ARTS


| Development & Editorial Team | |
|---|---|
| **Writers:** | Ric A. Boco |
| **Illustrators:** | Ric A. Boco |
| **Layout Design Editor:** | Dr. Normina B. Hadji Yunnos |
| **Content Editors:** | Mr. Pedro D. Gloriani |
| **Management Team:** | Dr. Malcom S. Garma, Regional Director - NCR<br>Loreta B. Torrecampo, CESO V, SDS - SDO Pasay City<br>Dr. Arturo A. Tolentino , OIC ASDS- Pasay City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR<br>Librado F. Torres, CID Chief SDO-Pasay City<br>Dr. Marita A. Aquino, Regional EPS – MAPEH<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Mr. Pedro D. Gloriani , EPS-MAPEH – SDO Pasay City<br>Dr. Normina B. Hadji Yunnos, LR EPS - SDO Pasay City |


**(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

## Inaasahan

Follows the step-by-step process of creating a print:
* sketching the areas to be carved out and areas that will remain.
* carving the image on the rubber or wood using sharp cutting tools.
* preliminary rubbing
* final inking of the plate with printing ink
* placing paper over the plate, rubbing the back of the paper
* impressing the print
* repeating the process to get several editions of the print

## Unang Pagsubok

**PANUTO:** Tukuyin kung Tama o Mali ang sumusunod na mga pangungusap.

__________ 1. Ang chisel at matalas na kutsilyo ang ginagamit para mailipat ang imahe mula sa inukitang kahoy.

__________ 2. Roller ang ginagamit sa pagkukulay ng imahe sa nabuo sa kahoy o rubber.

__________ 3. Kailangan ng gabay ng magulang sa pag-ukit gamit ang mga carving tools.

## Balik-Tanaw

Magbigay ng anim na uri ng paglilimbag.

1.____________________ 4. ____________________
2.____________________ 5. ____________________
3.____________________ 6. ____________________

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Ang katutubong sining sa pagpiprint sa kahoy ay bahagi ng ating kultura at ng ating pagka-Filipino. Ilan lamang ito sa mga bagay na ginagamit sa pagbuo ng mga likhang sining na tunay na maipagmamalaki nating mga Filipino.

## Gawain

Mga Kagamitan:

Lumang diyaryo, bond paper o oslo paper, lapis, carving tools, roller, tinta o pintura, rubber o malambot na kahoy.

1. Ihanda ang lahat na kinakailangang gamit sa paggawa.
2. Iguhit sa isang puting papel ang larawan o imahe na nais mong i-print, gamit ang lead na lapis.
3. Gamit ang sketch mong balangkas, ilapat/ipatong ito sa ibabaw ng malambot na kahoy o rubber.
4. Maingat na kuskusin ang imahe upang ang lead ay malipat sa kahoy o rubber.
5. Gamit ang panulat bakasin ang imahe sa kahoy para makita nang lubusan ang imahe.
6. Gupitin at ukitin ang kahoy na nakapalibot sa iyong imahe, mag-ingat na hindi maputol ang mismong imahe.
7. I- load ang iyong roller ng goma sa may tinta o pintura sa pamamagitan ng pag-ikot sa tinta hanggang sa maging pantay ang lahat ng bahagi nito.
8. Igulong ang tinta o pintura sa kahoy. Tiyaking ganap na takpan ang ginupit o inukit na bahagi ng bloke para ang angat lang na bahagi ang makukulayan.

(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

9. Ipatong ang iyong papel o oslo paper sa ibabaw ng naka-ink na kahoy.
10. Magsimula mula sa gitna ng papel o oslo paper at dahan-dahang, ngunit matatag na pindutinn nang maayos ang papel sa buong bloke. Maaari kang gumamit ng kutsarang kahoy, o folder upang mailapat nang maayos ang presyon.
11. Dahan-dahang iangat ang papel o oslo paper upang alisin ito sa ibabaw ng kahoy. Hayaang matuyo ang iyong print bago i-frame.
12. Ulitin ang pamamaraan mula 7 – 11 kung nais makagawa ng maraming print.



## Tandaan

Sa pagbuo ng isang likhang sining gumagamit tayo ng balangkas upang makabuo ng maayos na obra at upang mapadali ang ating paglilimbag.

## Pag-alam sa Natutuhan

**PANUTO:** Lagyan ng tsek ( √ ) ang kahon batay sa antas ng iyong naisagawa sa buong aralin.

| Mga Sukatan | Higit na nasunod ang pamantayan 5 | Nasunod ang pamantayan 3 | Hindi nasunod ang pamantayan 2 |
|---|---|---|---|
| 1.Ang larawan ay nabuo sa pamamagitan ng pag-ukit | | | |
| 2.Nakasunod sa mga panutong binigay sa paglilimbag ng larawan | | | |
| 3.Gumamit ng angkop na kagamitan para sa proseso | | | |
| 4. Maayos at malinis ang pagkakagawa ng paglilimbag | | | |

### Pangwakas na Pagsusulit

**PANUTO:** Sumulat ng isang talata para ilarawan ang likhang-sining. Ilarawan din ang naging karanasan sa paggawa nito.

**Susi sa Pagwawasto**

**Unang Pagsubok**

1. Mali
2. Tama
3. Tama
4.

**Balik-tanaw** (Maaaring mga Sagot)

monoprint, intaglio, aquatint, engraving, etching, mezzotint, linocut, block print, lithography, silk screen o serigraph, woodblock print, dry point

**Pangwakas na Pagsusulit**

5 puntos

**Sanggunian**

Halinang Umawit at Gumuhit 5, Hazel P. Copiaco, Explore and Shine Through MAPEH 5
Emilio S. Jacinto Jr., Guide to the Philippines Lina M. Battad, Ma. Joselyn M. Nullar
Felix G. Ecaldre, Elizabeth S. Rasalan
10steps.org